

Website ng Mga Madalas Itanong

Komite sa Mga Madalas Itanong, ika-4 ng Setyembre, 2019

1. Mga Madalas Itanong Tungkol sa VCA.....	1
2. Pangkaraniwang Mga Madalas Itanong: Pagpaparehistro ng Botante	8
3. Pangkaraniwang Mga Madalas Itanong: Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo	15
4. Pangkaraniwang Mga Madalas Itanong: Mga Serbisyo ng Kandidato.....	19

1. Mga Madalas Itanong Tungkol sa VCA

- [Hindi ko hiniling na maging isang permanenteng botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo, bakit ako nakatanggap ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?](#)
- [Bakit pinili ng County ng Santa Clara na pagtibayin ang Voter’s Choice Act?](#)
- [Ano ang Sentro ng Pagboto?](#)
- [Paano malalaman ng mga tao ang tungkol sa pagbabago mula sa pagiging mga Lugar na Botohan patungo sa mga Sentro ng Pagboto?](#)
- [Ano ang mga pakinabang sa Voter’s Choice Act?](#)
- [Ano ang makukuhang tulong sa pagboto sa isang Sentro ng Pagboto?](#)
- [Paano ko mahahanap ang pinakamalapit sa akin na Sentro ng Pagboto?](#)
- [Maaari bang bumoto ang sinuman sa Estado ng California sa isang Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara?](#)
- [Bukas ba sa mga weekend o piyesta opisyal ang mga Sentro ng Pagboto?](#)
- [Ilang Sentro ng Pagboto ang kinakailangan ng County ng Santa Clara?](#)
- [Ano ang pipigil sa isang tao na bumoto nang dalawang beses sa pamamagitan ng pagpunta sa ibang Sentro ng Pagboto?](#)
- [Ano ang Drop Box ng Balota?](#)
- [Ilang Drop Box ng Balota ang kinakailangang makuha ng County ng Santa Clara?](#)
- [Magiging ligtas ba ang mga Drop Box ng Balota?](#)
- [Paano pinipili ng County ang mga lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto at Drop Box ng Balota?](#)
- [Ano ang mga pamantayang isinasaalang-alang para sa pagpili ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box ng Balota?](#)

- [Mayroon akong lokasyong maaaring magsilbing lokasyon ng Sentro ng Pagboto o Drop Box ng Balota, paano ko ito ipagbibigay-alam sa inyo?](#)
- [Paano ako maaaring maging isang manggagawa sa halalan?](#)
- [Nag-aalok ba ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ng anumang app para magamit ng mga botante?](#)

MGA SAGOT SA MGA MADALAS ITANONG TUNGKOL SA MGA SENTRO NG PAGBOTO AT MGA DROP BOX NG BALOTA

- Hindi ko hiniling na maging isang permanenteng botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo, bakit ako nakatanggap ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?
Sa pagpasa ng California Voter's Choice Act (VCA), at pag-apruba ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara, ang bawat nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara --- simula sa halalan sa Marso 2020 --- ay awtomatikong padadalhan ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, na magsisimula 29 na araw bago ang isang halalan. Ito ay magpapahintulot sa mga botante na magpasya kung paano, kailan, at saan boboto.

[Balik sa tuktok](#)

- Bakit pinili ng County ng Santa Clara na pagtibayin ang Voter's Choice Act?
Pinagtibay ng County ng Santa Clara ang Voter's Choice Act (VCA) upang gawing modernisado ang halalan upang katawanin ang mga buhay ng mga botante ngayon. Gagawing mas maginhawa ng Voter's Choice Act ang pagboto sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga botante ng mas maraming opsyon kung paano, kailan, at saan boboto. Lahat ng botante ay tatanggap ng isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, at sa halip na limitahan ang pagboto sa iisang itinalagang Lugar na Botohan sa Araw ng Halalan, magagawa mo na ngayon na personal na bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara (kasing-aga ng 10 araw bago ang Araw ng Halalan) o sa aming opisina sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112 (kasing-aga ng 29 na araw bago ang Araw ng Halalan), o sa pamamagitan ng paghulog sa balotang naglalaman ng boto sa isang Drop Box ng Opisyal na Balota.

[Balik sa tuktok](#)

- Ano ang Sentro ng Pagboto?
Ang "Sentro ng Pagboto" ay isang unibersal na Lugar na Botohan kung saan maaaring bumoto ang sinumang nakarehistrong botante sa loob ng county. Sa payak na salita, sa pamamagitan ng mga Sentro ng Pagboto, walang maling lugar para bumoto.

[Balik sa tuktok](#)

- Paano malalaman ng mga tao ang tungkol sa pagbabago mula sa mga Lugar na Botohan patungo sa mga Sentro ng Pagboto?
 - *Makikipag-ugnayan kami sa bawat botante nang direkta sa pamamagitan ng koreo nang hindi bababa sa dalawang beses.*
 - *Kami ay lumilikha ng mga pahayag ng serbisyo sa publiko, at nagtatrabahong kasama ng mga media outlet, na kabilang ang kinakailangang mga wikang minorya, tulad ng: mga lokal na pahayagan, mga istasyon ng radyo, at telebisyon. Kami ay nag-iisyu ng mga Press Release upang ipagbigay-alam sa mga media outlet ang tungkol sa pagbabago na makakatulong silang ikalat. Plano rin naming gamitin ang lahat ng aming social media outlet upang ikalat ang mensahe tulad ng Twitter, Instagram at Facebook.*
 - *Kami ay lumalahok din sa mga kaganapan sa komunidad sa buong taon at nagtatrabahong kasama ng lokal na komunidad, mga grupong kaugnay ng kapansanan at wika upang bigyan ng kaalaman ang publiko. Kung may alam kang anumang mga kaganapan na gusto mong lahukan ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante, mangyaring mag-email sa Outreach@rov.sccgov.org para sa karagdagang impormasyon.*

Balik sa tuktok

- Ano ang mga pakinabang sa Voter's Choice Act?

Ang Voter's Choice Act ay nagkakaloob ng mga Sentro ng Pagboto na ginagawang mas maginhawa ang pagboto. Nagagawa ng mga botante na pumili kung paano, kailan at saan sila boboto. Lahat ng nakarehistrong botante ay tatanggap sa koreo ng isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Mas marami ang mga araw upang makaboto, na magsisimula 10 araw bago ang isang halalan, kasama na ang mga weekend at piyesta opisyal. Mas marami ang mga lokasyon upang magparehistro para makaboto, At mas marami ang mga lokasyon upang makaboto nang personal bago ang Araw ng Halalan. Maaaring ihulog ang mga balota sa alinmang lokasyon ng Drop Box ng Balota o Sentro ng Pagboto. Mas marami ang mga lokasyon upang kumuha ng pamalit na balota, mas madaling magamit na mga makina sa pagboto, at mas maraming tulong sa wika sa mga Sentro ng Pagboto.

Balik sa tuktok

- Ano ang makukuhang tulong sa pagboto sa isang Sentro ng Pagboto?

Lalagyan ang bawat Sentro ng Pagboto ng hindi bababa sa tatlong (3) kagamitang pangmarka ng balota upang bigyang-daan ang mga botanteng may mga kapansanan na magpatala ng balota nang mag-isa at pribado. Maaari pa ring magdala ang mga botante ng hanggang dalawang tao upang tulungan sila sa proseso ng pagboto, basta't hindi sila ang taga-empleyo o kinatawan ng unyon ng botante. Ang mga Sentro ng Pagboto ay magkakaroon din ng tulong mula sa mga tauhang may dalawang wika. Mangyaring tawagan ang aming opisina sa 408-299-8683 o 866-430-8683, upang makita kung anong tulong sa wika ang makukuha sa isang Sentro ng Pagboto na malapit sa iyo.

Balik sa tuktok

- Paano ko mahahanap ang pinakamalapit sa akin na Sentro ng Pagboto?

Simula sa 40 araw bago ang bawat halalan, makakahanap ka ng listahan ng mga lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto at Drop Box ng Balota, sa aming Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County na ipapakoreo sa bawat botante, at inilalagay sa aming website.

Balik sa tuktok

- Maaari bang bumoto ang sinuman sa Estado ng California sa isang Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara?

Hindi, ang mga nakarehistro lang o karapat-dapat magparehistro upang makaboto sa County ng Santa Clara ang maaaring bumoto sa isang Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara.

Balik sa tuktok

- Bukas ba sa weekend o piyesta opisyal ang mga Sentro ng Pagboto?

Ang mga Sentro ng Pagboto ay magbubukas 10 araw bago ang Araw ng Halalan. Kabilang dito ang dalawang weekend at piyesta opisyal na maaaring maganap sa loob ng takdang panahon na iyon.

Balik sa tuktok

- Ilang Sentro ng Pagboto ang kinakailangan ng County ng Santa Clara?

Tinutukoy ang bilang ng mga Sentro ng Pagboto sa pamamagitan ng bilang ng mga nakarehistrong botante sa County. Batay sa aming tinatayang kabuuan ng pagpaparehistro para sa 2020, magkakaloob ang County ng Santa Clara ng hanggang 25 Sentro ng Pagboto na bukas sa loob ng 11 araw at hanggang 100 Sentro ng Pagboto na bukas sa loob ng 4 na araw.

Balik sa tuktok

- Ano ang pipigil sa isang tao na bumoto nang dalawang beses sa pamamagitan ng pagpunta sa ibang Sentro ng Pagboto?

Nagpatupad ang Estado ng California ng pambuong-estadong tipunan ng datos ng pagpaparehistro ng botante na tinatawag na VoteCal. Lahat ng county ay nakakonekta sa pamamagitan ng VoteCal at magagawang tukuyin kung nakaboto na ang isang botante saanman sa Estado ng California.

Balik sa tuktok

- Ano ang Drop Box ng Balota?

Ang Drop Box ng Balota ay isang ligtas, madaling magamit, at nakakandadong sisidlan na magagamit ng mga botante upang ihulog ang mga sobre ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo simula sa 28 na araw bago ang halalan. Magagamit ang mga Drop Box sa loob ng mga regular na oras ng trabaho ng mga lokasyon. Hindi kakailanganin ng selyo kapag gagamitin ang Drop Box.

Balik sa tuktok

- Ilang Drop Box ng Balota ang kinakailangang makuha ng County ng Santa Clara?

Tinutukoy ang bilang ng mga Drop Box ng Balota sa pamamagitan ng bilang ng mga nakarehistrong botante sa County 88 araw bago ang Araw ng Halalan. Batay sa mga inaasahan para sa halalan sa Marso 2020, magkakaroon ng humigit-kumulang na 79 na Drop Box sa buong County ng Santa Clara na humigit-kumulang na 1 para sa bawat 15,000 nakarehistrong botante. Kabilang dito ang isang drive-thru/walk-up na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa harap ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112.

[Balik sa tuktok](#)

- Magiging ligtas ba ang mga Drop Box ng Opisyal na Balota?

Ang mga Drop Box ng Balota sa loob ng gusali ay ligtas, nakakandado, at buong makikita ng isang tao. Ang County ay may isang malaking 24 na oras na drive-thru/walk-up na Drop Box ng Balota na metal, nakakandado, at nakatranka sa lupang matatagpuan sa labas ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Ang mga Drop Box ng Balota ay gawa sa matibay na materyal upang makatagal ang mga ito sa bandalismo, pagtanggap, at masungit na lagay ng panahon. Ang mga balota ay kinukuha sa regular na iskedyul ng mga tauhan ng halalan.

[Balik sa tuktok](#)

- Paano pinipili ng County ang mga lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto at Drop Box ng Balota?

Nakikipagtulungan ang County sa komunidad upang mangalap ng mga komento at mungkahi tungkol sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box ng Balota. Maaari kayong mag-email sa voterschoice@rov.sccgov.org para sa mga suhestiyon para sa mga posibleng lokasyon. Bago gamitin, ang lahat ng lokasyon ay susuriin ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante upang matiyak na ang mga ito ay madaling magagamit ng mga botanteng may mga kapansanan. Kapag nasuri na ang isang lokasyon, direktang makikipagtulungan sa lugar ang aming opisina upang kumpirmahin na magagamit para sa kinakailangang takdang panahon na nasa Kodigo sa mga Halalan 4005.

[Balik sa tuktok](#)

- Ano ang mga pamantayang isinasaalang-alang para sa pagpili ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box ng Balota?

Ang Kodigo sa mga Halalan ng California 4005 ay tumutukoy sa magkakaibang pamantayan na dapat isaalang-alang kapag pumipili ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box ng Balota. Kasama sa mga ito ang:

- *Lapit sa pampublikong transportasyon*
- *Mga komunidad na may kaunting paggamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa nakaraan*
- *Mga sentro ng populasyon*
- *Mga komunidad ng minorya sa wika*
- *Mga botanteng may mga kapansanan*
- *Mga komunidad na may mababang antas ng pagmamay-ari ng sasakyan ng sambahayan*
- *Komunidad ng mga mababa ang kita*
- *Mga komunidad ng mga karapat-dapat na botante na hindi nakarehistro upang makaboto at maaaring mangailangan ng access sa pagpaparehistro ng botante sa parehong araw*
- *Mga populasyong nakahiwalay batay sa heograpiya*

Bilang karagdagan, dapat nating isaalang-alang ang:

- *Access sa madaling magamit at libreng paradahan sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box*
- *Ang distansiya at oras na dapat laktayin ng isang botante sakay ng kotse o pampublikong transportasyon patungo sa isang lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box*
- *Kakayahan para sa mga botanteng may mga kapansanan na independiyenteng magpatala ng balota ng pribadong balota*
- *Ang takbo ng trapiko sa malapit sa mga lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto at Drop Box*
- *Ang pangangailangan ng mga naililipat na Sentro ng Pagboto bilang karagdagan sa bilang ng mga naitatag nang Sentro ng Pagboto.*
- *Ang pangangailangan na magbukas ng mga karagdagang Sentro ng Pagboto para sa isang maikling panahon*
- *Kahandaan ng pasilidad at pagtatalaga ng sarili upang maglingkod sa mga botante*
- *Mga mungkahi at komento ng publiko*

[Balik sa tuktok](#)

- Mayroon akong lokasyong maaaring magsilbing lokasyon ng Sentro ng Pagboto o Drop Box ng Balota, paano ko ito ipagbibigay-alam sa inyo?

Palagi kaming naghahanap ng mga potensyal na lokasyon ng Sentro ng Pagboto o Drop Box ng Balota upang mapaglingkuran ang komunidad! Ang lahat ng potensyal na lokasyon ay dapat suriin ng Opisina sa mga Halalan upang matiyak ang pagiging madaling magamit, at natutugunan din ang mga kinakailangan. Upang magrekomenda ng lokasyon o kumuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan para makapagsilbi bilang isang Sentro ng Pagboto, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email sa ROV-PrecinctOps@rov.sccgov.org o Telepono sa 408-299-7655.

[Balik sa tuktok](#)

- Paano ako maaaring maging isang manggagawa sa halalan?

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa pagiging isang manggagawa sa halalan gamit ang sumusunod na link: [Maging isang Manggagawa sa Halalan](#).

[Balik sa tuktok](#)

- Nag-aalok ba ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ng anumang app para magamit ng mga botante?

Oo, ang SCCVOTE Mobile App, maaaring i-download nang libre sa mga mobile device. Ang ilan sa mga tampok na ipinagkakaloob ay:

- *Mabilis at madaling access para magparehistro upang makaboto online*
- *Pagpapatibay sa iyong katayuan sa pagpaparehistro ng botante*
- *Paghahanap sa pinakamalapit na lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box ng Balota 30 araw bago ang isang halalan*

[Balik sa tuktok](#)

2. Pangkaraniwang Mga Madalas Itanong: Pagpaparehistro ng Botante

- [Anu-ano ang mga kinakailangan upang magparehistro para makaboto?](#)
- [Maaari ba akong maagang magparehistro para makaboto?](#)
- [Paano ako dapat magparehistro para makaboto?](#)
- [Maaari ko bang gamitin ang aking direksiyon ng P.O. Box, o Hulugan ng Koreo bilang direksiyon ko kapag nagparehistro ako?](#)
- [Wala akong tirahan. Paano ako dapat magparehistro?](#)
- [Ano ang kinakailangang pagkakakilanlan upang makapagparehistro?](#)
- [Paano ko malalaman ang aking katayuan sa pagpaparehistro?](#)
- [Paano ko masusuri ang aking katayuan sa pagpaparehistro ng botante?](#)
- [Kailan kinakailangang muling magparehistro?](#)
- [Bakit mahalagang panatilihin ang aking pagpaparehistro ng botante?](#)
- [Hindi ako bumoto sa nakaraang halalan. Kailangan ko bang muling magparehistro?](#)
- [Hindi ako umabot sa huling araw ng pagpaparehistro \(15 araw bago ang Araw ng Halalan\), maaari pa rin ba akong bumoto?](#)
- [Ano ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?](#)
- [Kailan magkakabisa ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?](#)
- [Saan ako kailangang pumunta upang magparehistro bilang isang kondisyonal na botante?](#)
- [Ang aking kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante ay tatratuhing katulad ng lahat ng iba pang pagpaparehistro.](#)
- [Ano ang kailangan kong gawin upang kondisyonal na magparehistro at bumoto?](#)
- [Ano ang balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?](#)
- [Maaari bang ipakoreo sa akin ang isang balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?](#)
- [Matitingnan ko ba kung naisama o hindi sa pagbilang ang aking balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?](#)
- [Naging isa akong bagong mamamayan pagkatapos ng huling araw ng pagpaparehistro, maaari pa rin ba akong magparehistro para makaboto?](#)
- [Paano ko kakanselahin ang aking pagpaparehistro ng botante sa County ng Santa Clara?](#)
- [Paano ko aabisuhan ang Opisina sa mga Halalan na patay na ang isang botante?](#)
- [Naniniwala akong nakarehistro ako, ngunit hindi ko mahanap ang aking rekord gamit ang kasangkapan sa Paghahanap ng Pagpaparehistro ng Botante.](#)
- [Maaari ba akong pumirma sa isang petisyon kung ako ay hindi nakarehistro para makaboto?](#)
- [Nakakatanggap ako ng mga pampulitikang sulat at tawag sa telepono sa aking bahay. Saan nila nakukuha ang impormasyon tungkol sa akin?](#)

- [Bakit sangkot ang Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor \(DMV\) sa pagpaparehistro ng botante?](#)
- [Totoo bang ginagamit ang mga listahan ng pagpaparehistro ng botante upang pumili ng mga mamamayan para sa tungkulin sa lupon ng mga tagahatol?](#)
- [Bakit ako nakatanggap ng maraming Pagpapatawag para sa Tungkulin sa Lupon ng mga Tagahatol?](#)

MGA SAGOT SA MGA MADALAS ITANONG TUNGKOL SA PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE

- Anu-ano ang mga kinakailangan upang magparehistro para makaboto?

Maaari kang magparehistro para makaboto kung:

- *Ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos*
- *Ikaw ay isang residente ng California*
- *Hindi ka bababa sa 18 taong gulang (o magiging ganito bago lumampas ang petsa ng susunod na halalan)*
- *Maaari kang maagang magparehistro para makaboto kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang. Ikaw ay awtomatikong irerehistro para makaboto sa iyong ika-18 kaarawan.*
- *Ikaw ay ipinasiyang walang sapat na kakayahan ang isipan ng isang hukuman ng batas.*
- *Ikaw ay hindi:*
 - *Kasalukuyang nasa isang pang-estado o pederal na bilangguan para sa isang napatunayang mabigat na kasalanan*
 - *Parolado para sa isang napatunayang mabigat na kasalanan*

[Balik sa tuktok](#)

- Maaari ba akong maagang magparehistro para makaboto?

Oo, kung ikaw ay hindi bababa sa 16 na taong gulang at nakakatugon sa lahat ng ibang mga kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat. Ikaw ay awtomatikong irerehistro para makaboto sa iyong ika-18 kaarawan. Upang magparehistro para makaboto, tingnan ang tanong na Paano ako dapat magparehistro para makaboto sa ibaba.

[Balik sa tuktok](#)

- Paano ako dapat magparehistro upang makaboto?

Ikaw ay may ilang opsyon, ikaw ay maaaring:

- *Magparehistro online gamit ang sumusunod na link: www.registertovote.ca.gov*
- *Kumpletuhin ang isang Form ng Pagpaparehistro ng Botante (makukuha sa karamihan ng opisina ng pamahalaan, pampublikong aklatan, at mga tanggapan ng koreo)*
- *Humiling na padalhan ka sa pamamagitan ng koreo ng Form ng Pagpaparehistro ng Botante sa pamamagitan ng pagtawag sa Opisina ng Tagapagrehistro ng Botante sa 408-299-8683 o 866-430-8683.*

[Balik sa tuktok](#)

- Maaari ko bang gamitin ang aking direksiyon ng P.O. Box, o Hulugan ng Koreo bilang direksiyon ko kapag nagparehistro ako?

Hindi, maaari mong gamitin ang iyong direksiyon ng P.O. Box, o direksiyon ng drop box para sa koreo bilang iyong direksiyong pangkoreo lamang. Kinakailangan ng direksiyon ng tirahan upang matukoy ang iyong mga distrito sa pagboto.

Balik sa tuktok

- Wala akong tirahan. Paano ako dapat magparehistro?

Kinakailangan ng direksiyon ng tirahan upang matukoy ang iyong mga distrito sa pagboto:

- *Ang isang taong walang tirahan ay maaaring magparehistro para makaboto sa isang lokasyon na sinabi nilang ang lugar kung saan ginugugol nila ang karamihan ng kanilang panahon. Ang taong walang tirahan ay dapat magbigay ng paglalarawan ng lokasyon na sapat ang linaw (tulad ng mga kakrus na kalye) para maitatag ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang karapatan ng taong iyon na bumoto sa isang partikular na presinto. Ito ay tumitiyak na ang mga tumpak na materyal sa halalan ay maipagkaloob sa botanteng ito. Sa mga pagkakataong ito, ang isang direksiyong pangkoreo ay kailangang ipagkaloob para makatanggap ang botante ng mga materyal sa halalan.*

Balik sa tuktok

- Ano ang kinakailangang pagkakakilanlan upang makapagparehistro?

Sa karamihan ng sitwasyon, hindi kailangan ng mga botante ng California na magpakita ng pagkakakilanlan. Gayunman, kung boboto kayo sa unang pagkakataon pagkatapos magparehistro para bumoto sa pamamagitan ng koreo at hindi ninyo ibinigay ang inyong numero ng Lisensiya sa Pagmamaneho sa California, numero ng pagkakakilanlan sa California, o ang huling apat na numero ng inyong numero ng Seguridad Sosyal sa inyong form ng pagpaparehistro, maaaring hilingin sa inyo na magpakita ng isang anyo ng pagkakakilanlan kapag pumunta kayo sa Sentro ng Pagboto.

Balik sa tuktok

- Paano ko malalaman ang aking katayuan sa pagpaparehistro?

Maaari mong tingnan kung ikaw ay nakarehistro para makaboto sa www.sccvote.org o www.registertovote.ca.gov. Maaari mo ring tawagan ang aming opisina sa 408-299- 8683 o 866-430-8683.

Balik sa tuktok

- Paano ko masusuri ang aking katayuan sa pagpaparehistro ng botante?

Maaari mong tingnan kung ikaw ay nakarehistro gamit ang sumusunod na link: [Kasangkapan sa Pagtingin sa Pagpaparehistro ng Botante](#) o tawagan ang aming opisina sa 408-299-8683 o 866-430-8683.

Balik sa tuktok

- Kailan kailangang muling magparehistro?

Dapat kang muling magparehistro tuwing babaguhin mo ang iyong:

- Pangalan
- Partidong pampulitika

Balik sa tuktok

- Bakit mahalagang panatilihin napapanahon ang aking pagpaparehistro ng botante?
Nakalagay dapat sa iyong pagpaparehistro ng botante ang kasalukuyan mong direksiyon ng tirahan at direksiyong pangkoreo upang matiyak na matatanggap mo ang tamang materyal ng balota. Hindi ipinapasa ang sulat para sa halalan.

Balik sa tuktok

- Hindi ako bumoto sa nakaraang halalan. Kailangan ko bang muling magparehistro?
Pangkaraniwan, hindi mo kailangang muling magparehistro dahil ikaw ay nakarehistro para makaboto hanggang namamalagi ka sa kaparehong direksiyon. Upang alamin ang iyong katayuan sa pagpaparehistro, bisitahin ang aming website sa www.sccvote.org o tawagan ang aming opisina sa 408-299-8683 o 866-430-8683.

Balik sa tuktok

- Hindi ako umabot sa huling araw ng pagpaparehistro (15 araw bago ang Araw ng Halalan), maaari pa rin ba akong bumoto?
Oo, maaari mong gamitin ang mga bagong opsyon ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante, na nakahanda 14 na araw bago, hanggang sa, at sa Araw ng Halalan. Iniaalok ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante at sa mga Sentro ng Pagboto.

Balik sa tuktok

- Ano ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?
Kung hindi ka nagparehistro para makaboto bago lumampas ang 15-araw na huling araw ng pagpaparehistro para makaboto, ikaw ay maaaring kondisyonal na magparehistro para makaboto at magpatala ng isang pansamantalang balota sa pamamagitan ng pagbisita sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante o isang sentro ng pagboto, sa panahon ng 14 na araw bago ang, at kabilang ang, Araw ng Halalan.

Balik sa tuktok

- Kailan magkakabisa ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?
Ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante ay nagkabisa noong ika-1 ng Enero, 2017, pagkatapos aprubahan ang batas noong 2016.

Balik sa tuktok

- Saan ako kailangang pumunta upang magparehistro bilang isang kondisyonal na botante?
Maaari kang magparehistro bilang isang kondisyonal na botante sa Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara, 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112 o sa alinmang Sentro ng Pagboto na kasing-aga ng 10 araw bago ang isang halalan hanggang sa Araw ng Halalan. Maaari ka ring magparehistro para makaboto upang bumoto online; gayunman, upang magpatala ng isang balota para sa halalan, dapat kang pumunta sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante o isang Sentro ng Pagboto.

Balik sa tuktok

- Ang akin bang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante ay tatratuhing katulad ng lahat ng iba pang pagpaparehistro.
Oo, ang iyong Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante ay tatratuhin at ipoproseso nang katulad ng lahat ng iba pang pagpaparehistro.

Balik sa tuktok

- Ano ang kailangan kong gawin upang kondisyonal na magparehistro at bumoto?
Dapat mong kumpletuhin ang isang Form ng Pagpaparehistro ng Botante at pagkatapos ay ipatala ang iyong balota sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante o sa alinmang Sentro ng Pagboto sa loob ng County. Pakitandaan, hindi maaaring ilabas sa gusali ang balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante at ibalik sa mas huling petsa.

Balik sa tuktok

- Ano ang balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?
Ang balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante ay isang pansamantalang balota na ipoproseso kapag napagtibay ang Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante.

Balik sa tuktok

- Maaari bang ipakoreo sa akin ang isang balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?
Hindi, ang isang balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante ay maaari lamang ilabas nang personal sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County (14 araw bago ang isang halalan hanggang sa Araw ng Halalan) o sa mga Sentro ng Pagboto

Balik sa tuktok

- Matitingnan ko ba kung naisama o hindi sa pagbilang ang aking balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante?
Oo, maaari mong tingnan ang katayuan ng iyong pansamantalang balota 30 araw pagkatapos ng halalan sa www.sccvote.org o <https://voterstatus.sos.ca.gov/>. Maaari mo ring tawagan ang aming opisina sa 408-299- 8683 o 866-430-8683.

Balik sa tuktok

- Naging isa akong bagong mamamayan pagkatapos ng huling araw ng pagpaparehistro, maaari pa rin ba akong magparehistro para makaboto?

Kung ikaw ay magiging mamamayan ng U.S. nang kulang sa 15 araw bago ang susunod na halalan, maaari ka pa ring magparehistro at bumoto. Upang magawa ito, dapat mong bisitahin ang Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante anumang oras bago magsara ang mga botohan sa Araw ng Halalan. Dapat mong ipakita ang iyong Sertipiko ng Naturalisasyon at pirmahan ang isang form na nagsasabi na ikaw ay karapat-dapat bumoto sa California.

Balik sa tuktok

- Paano ko kakanselahin ang aking pagpaparehistro ng botante sa County ng Santa Clara?
 - *Maaari mong kumpletuhin, pirmahan at isumite ang Form ng Kahilingan sa Pagkilos ng Botante gamit ang sumusunod na link:*
https://www.sccgov.org/sites/rov/Register/Documents/VARF_318.pdf *Maaari mo ring tawagan ang aming opisina upang hilingin na ipakoreo sa iyo ang isang form.*
 - *Maaari ka ring magpadala ng isang nakasulat na kahilingan na nagsasaad na hindi mo na gustong magparehistro para makaboto sa County ng Santa Clara kasama ng iyong pangalan, direksiyon, petsa ng kapanganakan at pirma*
 - *Ipadala sa Santa Clara County Registrar of Voters, 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112*
 - *I-email bilang isang naka-scan na kalakip sa voterinfo@rov.sccgov.org*
 - *I-fax ang dokumento sa (408) 998-7314*

Balik sa tuktok

- Paano ko aabisuhan ang Opisina sa mga Halalan na patay na ang isang botante?
Nakakatanggap ang Opisina ng Halalan ng mga buwanang pagsasapanahon mula sa Estado at County tungkol sa lahat ng pagkamatay sa loob ng County ng Santa Clara. Upang humiling na kanselahin ang pagpaparehistro ng botante, kumpletuhin, pirmahan at isumite ang isang Form ng Kahilingan sa Pagkilos ng Botante gamit ang sumusunod na link:
https://www.sccgov.org/sites/rov/Register/Documents/VARF_318.pdf. *Maaari mo ring tawagan ang aming opisina upang humiling na ipadala sa iyo ang isang Form ng Kahilingan sa Pagkilos ng Botante.*

Balik sa tuktok

- Naniniwala akong nakarehistro ako, ngunit hindi ko mahanap ang aking rekord gamit ang kasangkapan sa Pagtingin sa Pagpaparehistro ng Botante.
Kapag ginagamit ang kasangkapan sa Pagtingin sa Pagpaparehistro ng Botante, ipasok ang iyong direksiyon ng tirahan at petsa ng kapanganakan sa hanay na mm/dd/yyyy. Kung hindi mo pa rin mahanap ang iyong rekord, pakitawagan ang aming opisina sa 408-299-8683 or 866-430-8683, para sa pagpapatibay.

Balik sa tuktok

- Maaari ba akong pumirma sa isang petisyon kung ako ay hindi nakarehistro para makaboto?

Maaari kang pumirma sa isang petisyon; gayunman, may mga partikular na kinakailangan na dapat matugunan para ituring na may bisa ang iyong pirma sa panahon ng proseso ng pagpapatibay.

Balik sa tuktok

- Nakakatanggap ako ng mga pampulitikang sulat at tawag sa telepono sa aking bahay. Saan nila nakukuha ang impormasyon tungkol sa akin?

Makukuha ang impormasyong ito mula sa iba't ibang mapagkukunan, kasama na ang listahan ng pagpaparehistro ng botante. Pinapahintulutan ng kasalukuyang batas na maipagkaloob ang datos ng pagpaparehistro ng botante sa mga awtorisadong tao o grupo at magamit para sa mga layunin ng halalan, pamamahala, pag-aaral, o pananaliksik na pampulitika. Kung gusto mong alisin ang iyong numero ng telepono mula sa iyong pagpaparehistro, pakitawagan ang aming opisina sa 408-299-8683 o 866-430-8683 dahil hindi ito kinakailangan para sa layunin ng pagpaparehistro.

Balik sa tuktok

- Bakit sangkot ang Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor (DMV) sa pagpaparehistro ng botante?

Pinapahintulutan ng Pambansang Batas sa Pagpaparehistro ng Botante ng 1993 ang mga taong nakikipagtransaksyon sa isang opisina ng DMV na magparehistro upang makaboto o isapanahon ang impormasyon ng pagpaparehistro ng botante.

Balik sa tuktok

- Totoo bang ginagamit ang mga listahan ng pagpaparehistro ng botante upang pumili ng mga mamamayan para sa tungkulin ng lupon ng mga tagahatol?

Oo, kinukuha ang mga Pagpapatawag para sa Tungkulin sa Lupon ng mga Tagahatol mula sa mga rekord ng pagpaparehistro ng botante at mga rekord ng DMV.

Balik sa tuktok

- Bakit ako nakakatanggap ng maraming Pagpapatawag para sa Tungkulin sa Lupon ng mga Tagahatol?

Kung lumabas na magkaiba ang pangalan mo sa iyong lisensiya sa pagmamaneho at sa iyong rekord ng pagpaparehistro ng botante, maaari kang makatanggap ng maraming paunawa. Upang remedyuhan ang sitwasyong ito, kumpletuhin at ibalik sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang isang bagong Form ng Pagpaparehistro ng Botante kung saan nakalimbag ang pangalan mo tulad ng makikita sa iyong lisensiya sa Pagmamaneho sa California, o kumpletuhin ang isang bagong pagpaparehistro ng botante online sa www.registertovote.ca.gov. Maaaring pumili ang Komisyonado ng Lupon ng mga Tagahatol ng mga tagahatol mula sa mga listahang ipinagkaloob ng DMV at ng Opisina ng mga Halalan ng County. Ang pagsasapanahon ng iyong rekord ng botante upang tumugma sa iyong Lisensiya sa Pagmamaneho o ID sa California ay maaaring mag-alis ng maraming pagpapatawag.

Balik sa tuktok

3. Pangkaraniwang Mga Madalas Itanong: Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

- [Kailan ko dapat asahang dumating ang aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?](#)
- [Pansamantala akong wala sa county o estado. Maaari ko bang hilinging ipadala ang aking balota sa ibang direksiyon?](#)
- [Paano ako kukuha ng pamalit na balota?](#)
- [Kailangan ko ba ng selyo upang maipadala sa koreo ang aking balota?](#)
- [Paano ko malalaman ang katayuan ng aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?](#)
- [Ako ay isang mamamayan ng U.S. na naninirahan nang pansamantala \(serbisyo sa militar, pagtatrabaho o programang pag-aaral\) sa labas ng Estados Unidos. Ako ba ay karapat-dapat bumoto?](#)
- [Kailan ipinakokoreo ang balota sa ibang bansa?](#)
- [Kailan ang huling araw upang ibalik ang aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?](#)
- [Pumapasok sa paaralan ang aking anak. Maaari ko bang kunin ang kanyang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?](#)
- [Naiwala ko ang sobre para sa balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, paano ko ipapadala ang aking balota?](#)

MGA SAGOT SA MGA MADALAS ITANONG TUNGKOL SA PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

- Kailan ko dapat asahang dumating ang aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?

Ang mga balota ay ipapadala sa koreo 29 na araw bago ang halalan. Kung hindi mo natanggap ang iyong balota dalawang linggo bago ang isang halalan, pakitawagan ang aming opisina sa 408-299-8683 or 866-430-8683.

[Balik sa tuktok](#)

- Pansamantala akong wala sa county o estado. Maaari ko bang hilinging ipadala ang aking balota sa ibang direksiyon?

Oo, pakitawagan ang aming opisina sa 408-299-8683 o 866-430-8683, at ipadadala namin sa koreo ang iyong balota sa iyong pansamantalang direksiyon.

[Balik sa tuktok](#)

- Paano ako kukuha ng pamalit na balota?

Pakitawagan ang aming opisina sa 408-299-8683 o 866-430-8683, at ipadadala namin sa koreo ang iyong pamalit na balota. Maaari ka ring kumuha ng isang pamalit na balota mula sa alinmang Sentro ng Pagboto na matatagpuan sa County ng Santa Clara, o sa aming opisina sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112.

[Balik sa tuktok](#)

- Kailangan ko ba ng selyo upang maipadala sa koreo ang aking balota?

Hindi, hindi mo kailangan ng selyo. Lahat ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay ipinadadala ng County sa koreo na may kasamang Sobre para sa Pagbabalik na bayad na selyo.

[Balik sa tuktok](#)

- Paano ko malalaman ang katayuan ng aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?

Maaaring malaman ang katayuan ng iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo simula sa 29 na araw bago ang bawat halalan. Maaari mong tingnan ang katayuan ng iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo gamit ang sumusunod na link:

<https://eservices.sccgov.org/rov/?tab=ab>

[Balik sa tuktok](#)

- Ako ay isang mamamayan ng U.S. na naninirahan nang pansamantala (serbisyo sa militar, pagtatrabaho o programang pag-aaral) sa labas ng Estados Unidos. Ako ba ay karapat-dapat bumoto?

Oo, kung makakatugon ka sa mga kinakailangan sa pagboto at makukumpleto ang isang Aplikasyon para sa Pederal na Post Card (FPCA) at maibabalik ito sa aming opisina. Maaari kang kumuha ng isang aplikasyon sa alinman sa mga opsyon na nakalista sa ibaba:

- *Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante*
- *Opisina ng Pagtulong sa Pagboto ng alinmang base militar*
- *Embahada o Konsulado ng Amerika*
- *Ang sumusunod na link: <https://www.fvap.gov/uploads/FVAP/Forms/fpca2013.pdf>*
- *Dapat mo ring abisuhan ang aming opisina tungkol sa anumang mga pagbabago sa iyong direksiyong pangkoreo*

[Balik sa tuktok](#)

- Kailan ipinadadala sa koreo ang balota sa ibang bansa?

Ang mga balota sa ibang bansa ay maaaring ipadala sa koreo sa pagitan ng 60 at 45 araw bago ang isang halalan. Bilang isang botanteng nasa ibang bansa, maaari mong matanggap ang iyong balota sa isa sa tatlong paraan: isang email link, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng fax.

Kung ikaw ay isang botanteng nasa ibang bansa at hindi pa natanggap ang iyong balota apat (4) na linggo bago ang halalan, pakitawagan ang aming opisina para sa isang pamalit. Maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng: Telepono 408-299-8683 o 866- 430-8683, Fax 408-998-7314, at Email votebymail@rov.sccgov.org

Balik sa tuktok

- Kailan ang huling araw upang ibalik ang aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?

Dapat matatakan ng koreo ang mga balotang naglalaman ng boto sa o bago ang Araw ng Halalan at dapat itong matanggap ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante nang hindi lalampas sa pitong araw pagkatapos ng halalan.

Ihulog ang iyong balota sa alinmang Drop Box o Sentro ng Pagboto ng County ng Santa Clara, o sa aming opisina sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112, nang hindi lalampas nang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

Balik sa tuktok

- Pumapasok sa paaralan ang aking anak. Maaari ko bang kunin ang kanilang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?

Ang isang balota ay awtomatikong ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa kanilang direksiyong pangkoreo. Kung kailangan mong kunin ang isang pamalit na balota para sa kanila, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pinirmahang kahilingan mula sa iyong anak na nagkakaloob sa iyo ng awtorisasyong gawin ito.

Maaari nilang tawagan ang aming opisina sa 408-299-8683 o 866-430-8683, at magpapakoreo kami ng isang balota sa kanilang direksiyon.

Balik sa tuktok

- Naiwala ko ang sobre para sa aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, paano ko ipapadala ang aking balota?

Maaari kang kumuha ng isang bagong sobre ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa aming opisina sa 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112 o tumawag sa aming walang bayad na numero na 866-430-8683 o dalhin ito sa alinmang Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara.

Gayon din, maaari kang gumamit ng isang sobre ng pamalit na balota sa alinmang Drop Box ng Balota sa County ng Santa Clara. Bawat lokasyon ng Drop Box ng Balota ay magkakaroon ng mga blangkong sobre. Pakilagay ang hiniling na impormasyon at pumirma kung saan ipinabatid.

O

Gumamit ng payak na sobre at ilagay ang sumusunod sa labas: iyong pangalan, direksiyon ng tirahan, at pirma. Isulat ang sumusunod na pahayag, "Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na: Isa akong residente ng County ng Santa Clara, California, kung saan ako bumoboto; ang pangalang makikita sa sobrang ito ay ako; hindi ako nag-aplay at wala akong balak mag-aplay para sa isang balota mula sa alinmang ibang hurisdiksiyon para sa halalang ito." Ilagay at isara ang iyong binotohang balota sa payak na sobre na may impormasyong nasa itaas, ipasok ang payak na sobre ng binotohang balota sa isang nakahiwalay na palabas na sobre, ilagay ang angkop na selyo at ipakoreo sa: Registrar of Voters' Office, 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112.

[Balik sa tuktok](#)

4. Pangkaraniwang Mga Madalas Itanong: Mga Serbisyo ng Kandidato

- [Sino ang aking mga ihahalal na kinatawan?](#)
- [Paano ako maaaring tumakbo para sa isang ihahalal na katungkulan?](#)
- [Saan ko makikita ang mga nakaraang resulta ng halalan?](#)
- [Paano ako maglalagay ng panukala sa balota?](#)
- [Paano ko papaalisin sa katungkulan ang isang inihalal na opisyal?](#)

MGA SAGOT SA MGA MADALAS ITANONG TUNGKOL SA MGA SERBISYO NG KANDIDATO

- Sino ang aking mga ihahalal na kinatawan?

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa iyong inihalal na kinatawan sa pamamagitan ng pagtawag sa aming opisina sa 408-299-8683 o 866-430-8683, o paggamit ng sumusunod na link: <https://www.sccgov.org/sites/rov/Info/Documents/Office-Holders-List.pdf>

[Balik sa tuktok](#)

- Paano ako maaaring tumakbo para sa isang ihahalal na katungkulan?

Maaari mong makita ang impormasyon tungkol sa kung paano tumakbo para sa isang ihahalal na katungkulan sa sumusunod na link:

<https://www.sccgov.org/sites/rov/Info/Pages/CandidateINFO.aspx>

[Balik sa tuktok](#)

- Saan ko makikita ang mga nakaraang resulta ng halalan?

Maaari mong makita ang mga nakaraang resulta ng halalan sa mga sumusunod na link:

<https://www.sccgov.org/sites/rov/Pages/Registrar-of-Voters.aspx>

[Balik sa tuktok](#)

- Paano ako maglalagay ng panukala sa balota?

Maaari mong makita ang impormasyon tungkol sa mga panukala gamit ang sumusunod na link:

https://www.sccgov.org/sites/rov/Info/Documents/Candidates_Measures%20Packet.pdf.

[Balik sa tuktok](#)

- Paano ko papaalisin sa katungkulan ang isang inihalal na opisyal?

Maaari mong makita ang impormasyon tungkol sa mga pagpapaalis sa katungkulan gamit ang sumusunod na link: <https://www.sccgov.org/sites/rov/Info/Pages/Recalls.aspx>

[Balik sa tuktok](#)